Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-17 NG HULYO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| *Kgg. Jeffrey A. Villaseñor* | ............... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad. |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| *Kgg. Ricardo B. Ramirez* | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG.173 -T'2002

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLIKHA NG MGA POSISYONG COMPUTER OPERATOR I AT COMPUTER OPERATOR II PARA SA TANGGAPAN NG PINUNONG PANTAUHAN SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, may kahilingan sa sangguniang ito si Gng. Farra T. Salvador, Local Gov't Department Head I na makalikha ng mga posisyong Computer Operator I at Computer Operator II sa tanggapan kanyang pinamumunuan;

*SAPAGKA'T*, matapos ang pagtalakay at malaman mula sa nasabing pinuno ang pangangailangan ng naturang tanggapan sa paglikha ng mga nasabing posisyon upang mapabilis ang paghahanda ng mga kaukulang papeles tulad ng payroll, vouchers, service *records at iba pa at upang mabigyan ng pagkakataong maiangat sa posisyon ang mga* kawani ng naturang tanggapan na may kakayahang magampanan ang mga gawain nito ay iminungkahi ng Tagapamuno ng Lupon sa Mabuting Pamamahala na irekomenda ang pagpapatibay sa nabanggit na kahilingan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap ay

*PINAGPASIYAHAN* : *Na pagtibayin ang paglikha ng mga posisyong Computer Operator I* at Computer Operator II para sa Tanggapan ng Pinunong Pantauhan sa bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Panlalawigang Direktor ng Komisyon ng Serbisy-Sibil, Human Resource Local Department Head I at mga kaukulang tanggapan, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan